## I. PAHAYAG NG PATAKARAN

Nakatuon ang Stanford Children's Health (SCH) sa tuloy-tuloy na pagbibigay ng patas na diskwento sa mga indibidwal na Walang Insurance/Nagbabayad ng Cash o Hindi Sapat ang Insurance, sa ilang sitwasyon, may insurance ngunit walang saklaw ng insurance para sa ilang partikular na medikal na kinakailangang serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan, lalo na sa Mga Serbisyo sa Fertility na iniaalok ng Stanford Children's Health. Ang patakarang ito ay para lang sa Mga serbisyo sa fertility na ibinibigay sa Klinika sa Fertility ng SCH at anumang serbisyong ibinibigay ng mga provider para sa fertility ng SCH.

Ang Patakaran ay nagtatakda ng mga alituntunin para sa isang Walang Insurance/Nagbabayad ng Cash o Hindi Sapat ang Insurance para sa Serbisyo sa Fertility na walang benepisyo sa fertility sa ilalim ng kanyang medikal na plano. Maaaring mag-alok ng diskwento sa mga pasyenteng nakatira sa United States o sa ibang bansa para sa mga serbisyo sa fertility na ibinibigay ng SCH hangga't natutugunan ng pasyente ang alituntuning nakatakda sa patakarang ito

## II. MGA KAHULUGAN

A. WALANG INSURANCE/NAGBABAYAD NG CASH
   1. Pasyenteng walang anumang saklaw ng insurance
   2. Pasyenteng may saklaw/medikal na insurance ngunit walang benepisyo sa fertility sa ilalim ng planong ito

B. PASYENTENG HINDI SAPAT ANG INSURANCE
   1. Pasyenteng may saklaw sa fertility ngunit naabot na ang limitasyon ng kanyang benepisyo sa fertility
   2. Pasyenteng hindi sapat ang benepisyo sa fertility upang masaklaw ang plano ng paggamot sa fertility ng pasyente
   3. Pasyenteng may mga benepisyo sa fertility ngunit hindi sinasaklaw ang ilang serbisyo sa ilalim ng kanyang plano

## III. PROSESO

A. DISKWENTO SA PASYENTENG WALANG INSURANCE/NAGBABAYAD NG CASH O HINDI SAPAT ANG INSURANCE – MGA ALITUNTUNIN
   1. Ang halaga ng diskwento para sa mga pasyenteng karapat-dapat na makatanggap ng Diskwento sa Walang Insurance/Nagbabayad ng Cash o Hindi Sapat ang Insurance ay 40% (apatnapung porsyento).
      *Tandaan: Hindi maaaring isama ang diskwentong ito sa anupamang diskwento. Hindi kasama sa diskwentong ito ang sinumang pasyenteng naaprubahan o kwalipikado para*

*sa diskwentong mas malaki kaysa sa Diskwento sa Walang Insurance/Nagbabayad ng Cash o Hindi Sapat ang Insurance*.

2. Mga Kinakailangan sa Pagiging Karapat-dapat ng Pasyente para sa Diskwento sa Walang Insurance/Nagbabayad ng Cash o Hindi Sapat ang Insurance:
    a. Ibibigay ng SCH ang Diskwento sa Pasyenteng Walang Insurance/Nagbabayad ng Cash o Hindi Sapat ang Insurance sa mga indibidwal na nakakatugon sa kahulugang nakatakda sa ibaba at nagpapatunay sa kanilang pagiging karapat-dapat.
    b. Ang sinumang pasyenteng tumatanggap ng mga serbisyo sa Klinika sa Fertility ng SCH at mga provider ng SCH ay maaaring i-screen kung kwalipikado para sa nakasaad na diskwento.
    c. Ang isang Pasyenteng Walang Insurance/Nagbabayad ng Cash o Hindi Sapat ang Insurance para sa Patakarang ito na maaaring humiling o magiging kwalipikado para sa diskwentong ito ay isang indibidwal na (a) o (b):
    Ang terminong “pasyente” ay nangangahulugang:
        (1) Isang taong nakatanggap o tumatanggap ng mga serbisyo sa fertility sa Klinika sa Fertility ng SCH
        (2) Isang guarantor para sa pasyente sa fertility na wala pang 18 taong gulang
3. Impormasyong Ibibigay ng Pasyente para sa Pagpapasya sa Pagiging Karapat-dapat:
    a. Tutukuyin ng SCH ang pagiging karapat-dapat para sa Diskwento sa Pasyenteng Walang Insurance/Nagbabayad ng Cash o Hindi Sapat alinsunod sa Patakarang ito, at hindi dapat isasaalang-alang ang edad, kasarian, lahi, katayuan bilang imigrante, sekswal na oryentasyon, o pinaniniwalaang relihiyon ng isang indibidwal.
    b. Umaasa ang LPCH na ganap na makikipagtulungan ang isang pasyente sa proseso ng pangangalap ng impormasyon sa ilalim ng Patakarang ito, at kapag hindi ito ginawa, maaaring maapektuhan ang kakayahan ng ospital na ibigay ang Diskwento sa Pasyenteng Walang Insurance/Nagbabayad ng Cash o Hindi Sapat ang Insurance.
    c. MGA PAGBUBUKOD: HINDI kasama ang anumang serbisyo sa fertility na hindi ibinigay sa Klinika sa Fertility ng Stanford Children's Health (SCH) sa ilalim ng patakarang ito, na karaniwang binubuo ng mga pagsusuri sa laboratoryo na ipinadala sa laboratoryo na wala sa klinika para sa pagpoproseso at pangangasiwa.

B. Pagsunod
1. Ang lahat ng miyembro ng workforce kabilang ang mga empleyado, nakakontratang tauhan, mag-aaral, boluntaryo, medikal na tauhang may kredensyal, at indibidwal na kumakatawan o nagsasagawa ng mga gawain sa SCH ay responsable para sa pagtitiyak na sumusunod ang mga indibidwal sa patakarang ito;
2. Ang mga paglabag sa patakarang ito ay iuulat sa Manager ng Departamento at sa anupamang naaangkop na Departamento ayon sa tutukuyin ng Manager ng

Departamento, o alinsunod sa patakaran ng ospital. Sisiyasatin ang mga paglabag upang matukoy ang uri, hangganan, at potensyal na panganib ng mga ito sa ospital. Ang mga miyembro ng workforce na lalabag sa patakarang ito ay papatawan ng naaangkop na parusa na hanggang sa, at kabilang ang, pagkakatanggal sa trabaho.

## IV. IMPORMASYON NG DOKUMENTO

A. Mga Sanggunian

| Sanggunian | Antas ng Ebidensya | Petsa ng Pagsusuri |
|---|---|---|
| Walang tinukoy | | |

B. May-Akda/Orihinal na Petsa

M. Madrigal, 8/18

C. Mga Kinakailangan sa Pamamahagi at Pagsasanay

Ang patakarang ito ay nasa Pang-administratibong Manual sa Pangangalaga ng Lucile Packard Children's Hospital Stanford.

D. Mga Kinakailangan sa Pagsusuri at Pag-renew

Susuriin at/o babaguhin ang patakarang ito kada tatlong taon, o kung kinakailangan ayon sa pagbabago ng batas o kasanayan.

E. Kasaysayan ng Pagsusuri at Pagbabago

M-A. Browne, M. Komrowski, O. Lopez, Z. Xu, M. Madrigal, 9/18
M-A. Browne, 11/19
S. Tienken, 8/21

F. Mga Pag-apruba

Board of Directors – Finance Committee, 9/18
Director of Revenue Cycle – Shawn Tienken at Andrew Ray, 9/18
Sunnyvale Site Director – Misty Komrowski, 9/18
Associate CMO for Accountable Care – Michael-Anne Browne, MD, 9/18
Associate CMO for Accountable Care – Michael-Anne Browne, MD, 11/19
Director of Revenue Cycle – Shawn Tienken at Andrew Ray, 11/19
Fertility Director – Monica Mayberry, 11/19
Board of Directors – Finance Committee, 11/19
Director of Revenue Cycle – Shawn Tienken, 8/21
Board of Directors – 9/21

Ang dokumentong ito ay ginawa para gamitin ng mga tauhan ng Lucile Packard Children's Hospital Stanford.
Walang representasyon o garantiya na ginagawa para gamitin sa labas ng institusyon.
Hindi ito maaaring gawan ng kopya o ilathala sa labas ng institusyon nang walang pahintulot.